

# Ang Kultural na Representasyon ng *Bonga* at *Buyo* sa Bukidnon Nanangen

(The Cultural Representation of *Bonga* and *Buyo* in Bukidnon Nanangen)

**Freddielyn B. Pontemayor (MAFil)**

Department of Language Education, College of Education, Central Mindanao University, Musuan, Maramag, Bukidnon  
freddielynbpontemayor@gmail.com

Date Received: December 7, 2017; Date Revised: January 14, 2019

**Asia Pacific Journal of  
Multidisciplinary Research**

Vol. 7 No.1, 22-27

February 2019

Special Issue

P-ISSN 2350-7756

E-ISSN 2350-8442

www.apjmr.com

CHED Recognized Journal

ASEAN Citation Index

**Abstract** - The analysis of the cultural representation of Bukidnon nanangen (folktales or short narrative) is based on the exclusion of Filipino and Literature subjects in college and the negative effects of *bonga* and *buyo* (areca/betel nut and betel leaf) in health. This study employs descriptive-qualitative approach using selective sampling method and textual analysis to describe and present the significance of *bonga* and *buyo* in the historical and traditional accounts of the Bukidnon natives. The chosen nanangen shows that *bonga* and *buyo* helps to strengthen the body and gives courage to a warrior or group of warriors; it revives the dead and it is used as a way to the other world; it heals the sick; and it serves as protection from bad spirits and guide in their daily lives; it is also used in *pamuhat* (rituals) and wedding ceremonies; and it is a symbol of hospitality to guests or visitors.

The initial investigation assumes the following: (1) this paper will motivate other scholars to produce a literary genre translated in Filipino (since the available nanangen materials are those which are translated in English), (2) this paper will provide information on the cultural importance of *bonga* and *buyo*, (3) this will also present the side effects of *bonga* and *buyo* thus promoting awareness on its use to the tribes in Bukidnon and the rest of the ethnic groups in the Philippines, (4) and most importantly, this study will encourage understanding and respect on the different cultures.

**Keywords:** Bukidnon Nanangen, betel nut, betel leaf, cultural representation

**Abstrak** - Ang eksklusyon ng asignaturang Filipino at Panitikan sa kolehiyo at ang negatibong epekto ng *bonga* at *buyo* (bunga at bunga-dahon) sa kalusugan ay naging basehan sa pagsusuri ng kultural na representasyon nito sa Bukidnon nanangen (kwentong-bayan o maikling salaysayin). Ang pag-aaral ay isang deskriptibo-kwalitatibong pagdulog na ginamitan ng selective sampling method at tekstwal analisis para mailarawan at mailahad ang kabuluhan ng *bonga* at *buyo* sa kasaysayan at tradisyon ng mga katutubong Bukidnon. Ang mga napiling nanangen ay naglalarawan na ang *bonga* at *buyo* ay tumutulong palakasin ang pisikal at kalooban ng isang bagani o grupo ng mga mandirigma; nagtataglay ng kapangyarihan upang buhayin ang isang yumao at daan sa kabilang mundo; nakapagpapagaling ng maysakit; at nagsisilbing proteksyon sa masamang espiritu at gabay sa anumang gawain sa araw-araw; ginagamit sa *pamuhat* (mga ritwal) at seremonya ng pag-iisang dibdib; at simbolo nang magiliw na pagtanggap sa mga bisita.

Sa pamamagitan ng inisyal na imbestigasyon, ipinalalagay na: (1) ang papel ay mag-uudyok sa ibang iskolar na makapagprodyus ng akdang pampanitikan na nakasalin sa Filipino (yamang ang mga abeylabol na materyales ay nakasalin lamang sa Ingles), (2) ang papel na ito ay magbibigay-kabatiran sa kultural na kahalagahan ng *bonga* at *buyo*, (3) inilalahad ng papel ang negatibong dulot ng *bonga* at *buyo* at itinataguyod sa kamalayan ang gamit nito sa tribong Bukidnon at maging sa ibang etnikong grupo sa Pilipinas, (4) at higit sa lahat, ang pag-aaral ay humihimok ng pag-unawa at paggalang sa iba't ibang kultura.

**Mga susing salita:** Bukidnon Nanangen, *bonga*, *buyo*, kultural na representasyon

## INTRODUKSYON

Naging mainit na usapin sa Pilipinas nitong nakaraang Nobyembre 10, 2018 nang katigan ng Korte Suprema ang CHED Memo Order No. 20 Series of 2013 na ang pinakausapin at iginigiit ng mga guro o edukador ay ang pagtatanggal ng asignaturang Filipino at Panitikan sa kolehiyo dahil bahagi na ng kurikulum ng Programang K to 12 [1]. Isang malaking usapin para sa karamihang guro at tagapagsulong ng wika na ang pagkatig ng Korte Suprema sa nasabing memorandum dahil nakapagdudulot ng problema; una, kawalan ng trabaho ng ilang mga guro sa mga unibersidad at kolehiyo at ang pangalawa, ang lebel ng pag-unawa at

pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino at Panitikan ay hindi pa gaano ka-solido o sapat ang kaalaman sa primarya at sekondarya kung ihahambing sa lebel ng pag-unawa at pagpapahalaga ng mga nasa kolehiyo o nasa kahustuhang gulang na. Sa panayam ng isang guro [2] na ang karagdagang asignaturang Filipino sa kolehiyo ay makatutulong nang malaki dahil magbubukas ng diskusyon ng panitikan sa Filipino, pagsusulong ng aralin gamit ang wika, at mas maraming bagay ang matatalakay sa kolehiyo gaya ng pananaliksik at isyung panlipunan.

Marami pa rin sa mga mag-aaral mula primarya hanggang sekondarya at maging sa kolehiyo ang hindi

pa nakakabasa ng iba't ibang uri ng genreng pampanitikan sa Pilipinas dahil bukod sa may sinusunod na balangkas ng kurso, silabus o lesson plan ang mga guro, bihira pa ang mga limbag na aklat na nauukol sa panitikan ng mga katutubo sa Pilipinas gaya ng tribong Bukidnon. Kaya, ang pag-aaral na ito ay nakapokus sa pag-aaral ng mga kwentong-bayan o maikling salaysayin partikular ng tribong Bukidnon na mamatagpuan sa probinsya ng Bukidnon sa rehiyon X ng Mindanao.

Maituturing na isa ring suliranin na inangklahan sa pag-aaral na ito ang ipinalabas na ulat ng World Health Organization ukol sa negatibong epekto ng *bonga* (areca o betel nut) dahil sa sangkap na alkaloids na nakasisira sa kalusugan ng tao gaya ng pagkasira ng ngipin o oral cancer, sakit sa puso at respiratory, diabetes mellitus, kahirapan sa pagbubuntis, sakit sa pag-iisip, adiksyon o pagkalason [3]. Ang isyung ito ay maglulundo sa panibagong suliranin lalo na sa mga katutubo na bahagi ng kanilang pamumuhay o kultura ang paggamit ng *bonga* at *buyo* na batay sa salungat sa kanilang paniniwala sa magandang dulot nito sa kanilang buhay. Maging sa uri ng oral na tradisyon o literatura, kasasalaman ang mahalagang papel ng *bonga* at *buyo* sa kanilang pang-araw-araw na gawain. Ginamit ang salaysaying Bukidnon na magrerepresenta rin sa paniniwala o tradisyon ng ibang tribo o etnikong grupo sa Pilipinas na may malaking bahaging ginagampanan ang *bonga* at *buyo* sa kanilang kaugalian.

Bahagi na ng kulturang Pilipino ang mahiligin sa mga kwentong nilikha o kathang-isip na nagpasalin-salin lamang sa bibig ng ating kanunuan. Isa sa mga kwentong likhang-isip ay ang *Nanangen* (kwentong-bayan) sa wikang Binukid. Ang Bukidnon ay hango sa salitang Kastila na *Montesses* ibig sabihin "mountain people" na may katumbas sa Filipino na "mga taong bundok o naninirahan sa bundok" [4]. Sa kasalukuyan, ang tribong ito ay matatagpuan sa ilagang bahagi ng probinsya ng Bukidnon, Kanlurang bahagi ng Agusan at Timog ng Misamis Oriental sa gitnang bahagi ng Mindanao [5].

Isa sa mga kilalang epiko ng Bukidnon ang Olaging (si Agyu bilang kinikilalang pangunahing karakter nito). Ayon sa isang manunulat, ang kwentong-bayan ay mga salaysay hinggil sa mga likhang-isip na mga tauhan na kumakatawan sa mga uri ng mamamayan, katulad ng matandang hari, isang marunong na lalaki, o kaya sa isang hangal na babae, tumutukoy rin sa isang tiyak na pook o rehiyon ng isang bansa o lupain, at higit sa lahat nauugnay ito sa alamat at mga mito [6]. Batay sa kwento ni Datu Mampaanod (Jose le la Mance) na nairekord noong 1981, may mga kwentong-bayan na ang Bukidnon gaya ng "*Kalikat Hu Mga Etaw Dini Ta Mindanao*" ibig sabihin sa Ingles "*Origin of the People of Mindanao*" na umiikot sa kwento ng dalawang magkapatid na tumawid sa dagat na napadpad sa bahaging silangan na kung tawagin ngayon ay "Isla ng Pilipinas" [4].

Sa Pilipinas, ang kwentong-bayan ay isang uri ng naratibong tuluyan na kalimitan ay nagtataglay lamang ng maikling istorya. Ang naratibong tuluyan bilang

isang malawakan at impotenteng sangay ng sining-berbal ay kinabibilangan ng mga mito, alamat at kwentong-bayan [7].

Ang mga mito, alamat at kwentong-bayan ay maituturing piksyonal o likhang-isip lamang ng sumulat o nagsasalaysay ngunit kakikitaan sa mga maikling salaysay na ito ang kasaysayan, tradisyon o kultura ng isang tao, grupo o lahi. Tumutulong ang mga salaysaying ito upang mas lalong maunawaan ng madlang mambabasa ang mga terminong ginamit na nakapaloob sa kwento, mauunawaan ang mga galaw o aksyon ng mga karakter at mapaingting lalo ang damdamin sa pagmamahal sa sariling kultura. Mula sa kwentong ito, sumasalaman sa mga nakatagong paniniwala o tradisyon ng mga katutubo gaya ng representasyon ng mga mahalagang elemento sa kwento. Sa papel na ito, ginamit ang *bonga* at *buyo* bilang mahalagang elemento sa buhay at kultura ng mga katutubong Bukidnon.

Sa aklat ni Rooney [8] binigyang kahalagahan niya ang *bonga* at *buyo* kapwa sa sosyal at sekswal na pakikipag-ugnayan ng kalalakihan at kababaihan. Malaking bagay ang *bonga* at *buyo* sa usapin ng panliligaw. Ganito niya inilarawan ang papel ng *bonga* at *buyo* sa ibang kultura –

It has even penetrated the vocabulary as numerous words derived from the equivalent of 'betel' to relate to a union between the male and the female. In Malay, for example, compounds of *pinang* ('areca-nut') mean 'to court' or 'to propose'. The idea that chewing betel stimulates passion and brings out charm is reflected symbolically in many tales and beliefs involving relationships between a male and a female. Betel is present from the earliest encounter between the two. Ancient legends reflect the symbolism between betel and love which also extends to erotica. Betel was listed as a necessary adjunct to sex in the Kama Sutra. And in parts of South-East Asia it has explicit sexual symbolism.

Ayon sa masusing pag-aaral ni Valdes [9] ginamit ang terminong *bonga*, *mamon* o *maman* na tumutukoy sa wikang Ingles na (betel nut or quid) at *buyo* (betel leaf) upang mas lubos na maunawan ng madlang mambabasa. Gaya ng mga piling kwentong-bayan o *nananganan* ng Bukidnon, nagtataglay o nagrerepleka ng kultura ng mga tribu lalo na ang *pagmama* (betel chewing) o *nganga* sa ibang varyasyon na dumedepende sa rehiyon. Sa pag-aaral na ito, ginamit ang terminong Visayan na *bonga* at *buyo* o *bujo* na kumakatawan sa pangkalahatang termino ng *betel nut* at *betel leaf* na bahagi ng kultura ng mga katutubo sa rehiyong Mindanao. Ang orihinal na pinagmulan ng salitang *bonga* o "betel" ay unang naipakilala ng mga Portuges noong ikaanim na siglo [8]. Inilarawan ni Marshall nasa World Health Organization [3] ang kabuluhan ng *bonga* para sa mga bansang Pasipiko, bukod sa bahagi ng integral na pamumuhay ng isang komunidad sa mga seremonya o mga ordinaryong gawain sa araw-araw, ang *bonga* ay nagsisilbing tulay

ng impormal na pakikipaghalubilo, gamit sa mga pormal na presentasyon, sa mga seremonya at ritwal, bilang dekorasyon at ornamentasyon, sa pakikipagkalakalan, bilang mahika o salamangka at gamit sa pangagamot.

Sa pag-aaral ni Magno [10], para sa ilang tribu sa Pilipinas gaya ng T'boli, Yakan, Mandaya at Tiruray, ang mantsang ngipin ay tanda ng kagandahan at nagtataglay ng samu't saring mahikal at kultural na kahulugan sa iba't ibang tribu. Sa pagsasalaysay ni Maquiso nasa Scott [11], ang Pilipinas ay may mga epiko o kwentong tradisyunal na naglalarawan sa kahalagahan ng *bonga* sa kultura ng kanilang grupo o tribu. Halimbawa ang epikong *Ulahingen* ng mga Manobo sa Mindanao na nagtataglay ng simbolismo sa kwento. Gayundin, ang epikong *Ulalim* ng Kalinga at *Humadapnon* ng mga Visayan ay nagbanggit din ng kahalagahan ng *bonga* sa kwento.

May iilang iskolar na nagsagawa ng pananaliksik ukol sa tribong Bukidnon ngunit hindi pa maituturing na laganap ang pag-aaral ukol sa malalimang pagbusisi sa iba't ibang anyo ng sining, kasaysayan o panitikan ng ilang mga katutubo lalo na sa bahaging Mindanao at ibang etnikong grupo sa Pilipinas. Kasabay ng pag-unlad o modernong panahon, ang mga pasalitang tradisyon gaya ng mga kwentong-bayan kung hindi man papaksain ng isang interesadong mananaliksik, hindi mabibigyan nang karampatang pagkilala sa buong kapuluan na may mga nakatagong kwento at kulturang umiiral sa kasalukuyan, bunga nito'y unti-unti na ring maglalaho sa pagdaan ng panahon. Kasabay ng paglahong ito ang yaman ng kanilang tradisyon o kultura na kung hindi maidodokumento o hindi mabibigyan nang masusing pag-aaral, mawawalan rin ng saysay ang orihinal na pinagmulan ng mga katangitanging kwentong ito.

#### LAYUNIN NG PAG-AARAL:

Ang pangkalatahang layunin; una, maidokumeto ang pasalitang tradisyon o kultura ng tribong Bukidnon. Pangalawa, maisalaysay ang *nanangen* at maipaliwanag ang kabuluhang kultural ng *bonga* at *buyo* sa mga kwento at buhay ng kulturang Bukidnon.

Tinatangka rin ng pag-aaral na ito na maipresenta ang ilang mga kulturang kakikitaan ng tribong Bukidnon sa pamamagitan ng mga *nanangen*. Nilalayon ng pag-aaral na ito, na mapreserba ang mga kwentong katutubo gaya ng *nanangen* at malawakang maibahagi sa buong rehiyon ng Pilipinas. At higit sa lahat, tinatangka ng pag-aaral na sa pamamagitan ng inisyal na hakbang na ito, mabibigyan ng pagkakataon na maitala ang mga kwentong hanggang sa kasalukuyan ay wala pang limbag na salin sa wikang Filipino o wikang Bernakular na magbibigay-daan upang mas lalong mapahalagahan ang yaman ng panitikan at kalinangan ng partikular na lahi.

#### MATERIALES AT METODO

Ang pag-aaral ay isang deskriptibo-kwalitatibo na ginamitan ng *purposive o selective sampling method* na isang *non-probability sampling*. Isang uri ng metodo kung ang pag-aaral ay nakatuon sa naka-set na

krayterya gaya ng bilang ng target na respondente, subjek o elementong pagmumulan, na makatutulong sa pagsasaalang-alang ng badyet at panahon [12]. Mula sa lahat ng limbag na mga aklat at online materials na nauukol sa tribong Bukidnon, tinipon, pinili at kinuha ang lahat ng sampol na tungkol sa kwentong-bayan ng Bukidnon at batay na rin sa target na bilang o populasyon, masasabing tumugon ito sa nasabing krayterya. Narito ang ilan sa pinaghanguan ng mga *nanangen*: limang kwento mula kay Cole [13], dalawang kwento mula sa aklat ni Eugenio ukol sa mitolohiya [14], dalawang kwento naman ukol sa alamat ni Eugenio [15], at isa mula kay Lao [4]. Ang mga kwento ay kinategorya ng mga manunulat ayon sa tribo o nilagyan ng kaukulang leybel. Mula sa mga nakalap na datos, sampung *nanangen* ang nakuha bilang instrumento na ginamit sa pag-aanalisa. Sa pamamagitan ng library research at arkibong impormasyon sa internet, ang orihinal na manuskrito ay nakasulat sa orihinal na wikang binukid ngunit naisalin at nailathala sa wikang Ingles.

Matapos ang masusing pagbabasa ng mga kwento, sinuri ang mga kwentong-bayan sa pamamagitan ng tekstwal analisis. Ayon kay Botan at Kreps [16], "Textual analysis is the method communication researchers use to describe and interpret the characteristics of a recorded or visual message. The purpose of textual analysis is to describe the content, structure, and functions of the messages contained in texts." Ibig sabihin, isa itong metodo na nagpapaliwanag o nagsusuri ng mga nakarekord na materyales.

#### RESULTA AT DISKUSYON

Ang mga *nanangen* hango sa arkibong aklat ni Cole [13], ito ang mga sumusunod: "How the Moon and the Stars Came to Be," "The Flood Story," "*Magbangal*," "How Children Became Monkeys," at "*Bulanawan and Aguio*." Ang *nanangen* na "The Brothers" ay hango sa aklat ni Lao [4]. Ang dalawang *nanangen* na may dalawang bersyon ukol sa daigdig, "The Creation of the Universe (1)" at "The Creation of the Universe (2)" ay hango sa aklat ni Eugenio [14], at ang dalawang *nanangen* naman na "The Flight of *Aguio's* Family" at "The *Aguio* Tales," ay mula naman sa isang aklat ni Eugenio [15].

Batay sa resulta ng pag-aaral, mula sa sampung *nanangen*, tatlo rito (*Bulanawan and Aguio*), (*The Aguio Tales*) at (*The Flight of Aguio's Family*) ang direktang kakikitaan ng paggamit ng *bonga* na bahagi ng kwento at kultura ng katutubong Bukidnon. Mapapansin ang ilang bahagi ng salaysay sa kwento na nagpapakita ng pagpapahalaga ng mga katutubo –

As he drew near he asked her to give him some of her husband's betel nut to chew, and she refused he went forward to fight her husband, not knowing they were brothers. As soon his wife awakened him Bulanawan sprang up up, seized her, put her in the cuff of his sleeve and came forth ready to fight.

Ang kaganapan sa kwento ay kabaligtaran ng hinahangad ng pangunahing karakter sa kwento. Paniniwala ng ilang katutubo, ang pag-aalay ng *bonga* sa sinumang bagong bisita o bagong dating ay simbolo ito nang magiliw na pagtanggap sa bisita. Binigyang-linaw ni Valdes [9] na batay sa pamahiin ng mga matatanda sa Pilipinas, ang pag-aalay ng *bonga* at *buyo* ay isang pagpapakita ng kagandahang-loob at paggalang, ang sinumang bigong mag-alay nito ay maituturing na isang seryosong paglabag sa nakagawian o hospitalidad. Kaya mapapansin sa bahagi ng kwento na nagalit si *Aguio* at nakipagbuno siya kay *Bulanawan* nang tanggihan itong alayan ng *bonga* ng asawa nito.

Ipinunto sa aklat ni Garvan [17] ang kahalagahan ng *bonga* at *buyo* sa buhay at kulturang Manobo, aniya, “The betel-nut quid is to the Manobo more than cigarette, ciga or pipe is to his more civilized fellowman. With him the use of it is a universal, eternal habit. By day and by night, in the house and on the trail, in health and in sickness, he turns for stimulation to the quid of betel nut, betel leaf, and lime. A visitor comes to the house and the first act of hospitality is the offering of the betel-nut quid. He meets an acquaintance upon the trail, and he sits down and offers the soothing chew.”

Ang nanangen na pinamagatang “The *Aguio* Tales” ganito naman inilarawan ang presensya ng *bonga* sa kwento –

When *Aguio* was a little boy he refused to let his father fondle him, so his father drove him from home. He wandered about and became a famous warrior. Finally he was killed by his brother whom he did not know. His wife chewed *tinlad* and spit on him and he became alive again.

Mapapansin sa bahagi ng kwento ang kapangyarihang taglay ng *bonga* upang buhayin ang isang yumao. Binigyang-punto ni Rooney [8] na ang *bonga* ay tulay na nag-uugnay sa pagitan ng katawan ng yumao sa kanyang paglalakbay sa kabilang mundo. Pinaniniwalaan ng ilan na ang paggamit ng *bonga* sa burol o seremonya nang paglilibing ay magbibigay-daan sa muling pagkabuhay ng yumao.

Ang *nanangen* na “The Flight of *Aguio*’s Family,” lantarang isinalaysay at inilarawan kung paano nakatulong ang *bonga* para sa isang pakikipagsapalaran at pakikipaglaban ng isa o grupo ng mandirigma –

On his (*Aguio*) way home he passed the town of *Malonghau* where he saw many boasts made of gold and silver. He stopped a while to watch but the people paid no attention to him. He saw women preparing betel nut and the men making shields. The people said they were preparing to fight *Aguio*’s native town.

Sa kwento, mapapansin ang paghahanda ng kababaihan ng *bonga* para ihandog sa kalalakihang mandirigma upang taglayin ang pisikal na lakas upang magupo ang bayang sinilangan ni *Aguio*. Binigyang-empasis ni Valdes [9] ang kahalagahan ng *bonga* para

sa mga grupo o kulturang gumagamit nito, bukod sa nabubuhayan ng lakas ang isang tao o grupo, nakakatulong upang palakasin ang loob ng isang *bagani* (mandirigma) o grupo ng mandirigma, esensyal din itong komponent sa bawat bahagi ng seremonya ng pagpasa mula pagsilang, pag-iisang dibdib, pagpapagaling sa maysakit hanggang kamatayan.

Ang *nanangen* na “The Creation of the Universe” (1) hindi man direktang inilarawan o isinalaysay ang paggamit ng *bonga* ngunit batay sa pag-aanalisa at pagkakalahad ng kwento, maikokonsider na ang *bonga* ay bahagi ng isang selebrasyon o ritwal ng mga katutubong Bukidnon sa kwento. Narito ang bahagi ng kwento –

In compliance with order of the *Magbabaya*, the descendants of the first man and woman, among the *Manobo* and *Talaandig*, before obtaining anything from nature, should ask permission, offer sacrifices, pay respects, and give thanks to the six creatures created by the Ten-headed Being who watched over important things created, through the *pamuhat* (a ritual of offering and thanksgiving) and other forms of ritual such as the *panamagtawag*, done during the first harvest, or cutting the first slice meat.

Ang bahagi ng kwento ay naglalarawan hindi lamang sa halaga ng *bonga* sa selebrasyon kundi kakambal na rin ng buhay ng mga katutubo noong unang panahon hanggang sa kasalukuyan. Anumang gawain ay isinasangguni nila sa kanilang diyos na si *Magbabaya* at ang bawat gawaing ito ay sinisimulan ng ritwal o seremonya at bilang bahagi ng malaking selebrasyon, ang *bonga* ay may papel na ginagampanan sa pagsasakatuparan ng isang gawain. Ayon sa matandang paniniwala, sa pamamagitan ng pag-aalay ng *bonga*, nabibigyan ng kaluguran, panalunin, pasasalamat at paalisin ang masasamng espiritu o demonyo at nakapagpagaling ng maysakit [11].

Inilarawan ni Garvan [17] ang halaga ng *bonga* para sa tribong Manobo, sabi niya, “He is anxious that his omen be good and he lays a tribute of betel nut upon the trail for the forest deity, and goes on, confident that his desires will be fulfilled. And when he calls his gods, the first and most essential offering must be the quid of betel nut for the fragrance of the nut and the redolence of the blossom are said to be the chief delicacy of the spirits.” Sa pamamagitan ng halimuyak ng *bonga*, isa itong daan para panawagin ang mga diyos at mabuting espiritu sa anumang hakbangin o gawain upang isangguni ng isang tao o grupo ang magiging magandang kapalaran ang hihintayin. Dagdag pa ni Magno [10], mabisang panlaban din ang katas ng *bonga* sa aswang o masamang elemento sa paligid.

Ang iba pang *nanangen* hindi man lantarang paglalarawan o pagsasalaysay ukol sa paggamit ng *bonga* at *buyo* sa mga kwento ngunit batay sa masusing pag-aanalisa, ang presensya ng *bonga* at *buyo* ay bahagi na ng pang-araw-araw na gawain ng mga katutubong Bukidnon. Isinalaysay sa isang artikulo ni DeMorga nasa Zuniga nasa Doran [18] ang unibersal na gamit ng

*bonga at buyo* ng mga katutubo bago pa man dumating ang mga Kastila –

What is indeed apparent to all is that it is used by natives and Spaniards, by seculars and religious, by men and women, and this so commonly and habitually that morning and night, in parties and vis-its, or alone at home, their greatest treat and delight consists of *buyo*, served on heavy gilded and prettily adorned plates and salvers, as they do chocolate in New Spain.

Kapwa kababaihan at kalalakihan ay gumagamit ng *bonga* kahit saang lugar, makikita sila ngumunguya kahit saan. Ganito inilarawan ni Taylor nasa Doran [18] ang mga katutubong nagmama-

Men and women always chew it when they go out, even in church; and that's how these ladies piously say their prayers. It is an infamous sight, for their mouths are always full of red spittle, as if their teeth had been smashed.

Napakahalagang elemento sa buhay ng mga katutubo ang *bonga at buyo* sa kanilang pang-araw-araw na gawain. Kakambal na ito ng kanilang buhay at maging sa kabilang buhay. Isang representasyon ng kanilang tradisyon at kultura na nagtataglay ng katangitanging kahulugan para sa katutubong Bukidnon.

### KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Batay sa natuklasan ng pag-aaral, ang *bonga at buyo* ay representasyon ng tradisyon o kultura ng katutubong Bukidnon. Sa pamamagitan ng mga *nanangen*, nailalarawan at nailalahad ang kabuluhan ng *bonga at buyo* sa buhay ng mga katutubong Bukidnon mula sa pagsilang hanggang kamatayan. Malaki ang papel na ginagampanan nito sa kanilang kultura at paniniwala.

Ang mga *nanangen* bukod sa maikli, nagtataglay ng mga katangiang hindi maihahambing sa ibang uri ng akdang pampanitikan. Nagpapatunay na ang *nanangen* ng Bukidnon bukod sa pinapahalagahan ang *bonga at buyo*, nagrerepresenta rin ito ng kasaysayan at tradisyon ng mga tribo o etnikong grupo sa Pilipinas sa kasalukuyan. Bunga nito, mabibigyan ng pagkakataon ang ilang oral na tradisyon ng ibang kultura na magawan ng sariling salin sa sariling wika na malawakang magagamit sa kabuuang kapuluan lalo pa't ang mga batayang asignaturang gaya ng Filipino at Panitikan ay ituturo na lamang sa antas primarya at sekundarya. Ang mga maikling salaysayin ay lubos nakatutulong upang maunawaan ang kultura ng bawat grupo at higit pa, mabigyan ng kaukulang paggalang sa kung anuman ang kanilang nakaugalian. Makatutulong din ang pagbibigay-alam sa mga katutubo sa mga posibleng negatibong epekto ng *bonga at buyo* sa kalusugan ngunit hindi kailangang maisasantabi o makompromiso ang kanilang nakaugalian.

Nakakatulong ang pag-aaral na ito lalo na sa pag-unawa ng sariling kalinangan ng isang kultura o lahi. Mas mabibigyan nang kaukulang pagpapahalaga o pagkilala ang ganitong mga uri ng mga naratibo o

kwento kung nakasulat o nakasalin sa iba't ibang pangunahing wika sa Pilipinas. Ang mga salin ng mga kwento mula sa iba't ibang wikain sa Pilipinas ay nakatutulong nang malaki sa lubos na pagkatuto ng mga mag-aaral mula elementarya hanggang sekundarya lalo na ang pagpapahalaga sa yaman ng sining at panitikan sa Pilipinas.

Ang pag-aaral na ito ay nalimita lamang sa mga kwentong-bayan o maikling salaysayin ng tribong Bukidnon na nakapokus sa kultural na gamit ng *bonga at buyo* at hindi na kalakip ang malalimang pagtalakay sa etnograpiya ng tribo. Kaya, inirerekomenda ng pag-aaral na bukod sa pagkakaroon ng salin sa iba pang maikling salaysayin o naratibo na hindi pa naisusulat o naipalilimbag ay magkaroon pa nang malalimang anyo ng pananaliksik hindi lamang sa mga oral na tradisyon kundi sa iba't ibang anyo ng sining, etnograpiya, kalikasan, sistemang panggobyerno at lahat ng bagay na may kinalaman sa kasaysayan at tradisyon hindi lamang ukol sa Bukidnon, kundi sa lahat ng mga tribo sa Pilipinas.

### SANGGUNIAN

- [1] Navallo, M. (10 November 2018). Supreme Court Declares K+12 Constitutional. ABS CBN News. Retrieved on November 26, 2018 from <https://bit.ly/2JWrpzG>
- [2] ManilaFlash. 14 November 2018. Expert in Filipino Criticized Supreme Court for Removing Filipino in College. Manila Flash. Retrieved on November 26, 2018 from <https://bit.ly/2TK0wTR>.
- [3] World Health Organization. (2012). Review of Areca (Betel) Nut and Tobacco Use in the Pacific. A Technical Report. WHO Cataloguing in Publication Data. ISBN 9789290615699. Retrieved on November 20, 2018 from <https://bit.ly/2PWLaxa>.
- [4] Lao, M. M. (1985). Bukidnon A Historical Perspective. Publications Office, University Research and Extension Office: Central Mindanao University, Musuan, Bukidnon.
- [5] Coben, H. M. (2009). Verbal Arts in Philippine Indigenous Communities. Poetics, Society, and History. Quezon City: Ateneo de Manila University Press. ISBN 978-971-550-583-3.
- [6] Aragon, A. L. (1986). Mga Alamat at Iba Pang mga Kwento (Legends and Other Stories). Quezon City: True Copy Printing Press.
- [7] Bascom, William. (1965). The Forms of Folklore. Prose Narratives. *The Journal of American Folklore*. Vol. 78 (307); pp. 3-20.
- [8] Rooney, Dawn F. (1993). Betel Chewing Traditions in South-East Asia. Kuala Lumpur, Oxford University Press, Oxford Singapore New York. ISBN 0-19-588620-8. Retrieved on November 21, 2018 from <https://bit.ly/2Ao59KB>.
- [9] Valdes, C. O. (n.d). Betel Chewing in the Philippines. Retrieved on November 20, 2018 from <https://bit.ly/2QmuHI2>.
- [10] Magno, R. M. (2003, May 14). In Focus: Hidden in the Heart. National Center for Culture and Arts. Retrieved on November 20, 2018 from <https://bit.ly/2F1on3h>.
- [11] Scott, W. H. (1994). Barangay: Sixteenth-Century Philippine Culture and Society. Ateneo de Manila University Press. ISBN 971-550-138-9 Retrieved on August 22, 2018 from <https://bit.ly/2Rexf27>.

- [12] Crossman, A. (2018, September 28). Understanding Purposive Sampling: An Overview of the Method and Its Applications. Retrieved November 26, 2018 from <https://bit.ly/2HIQzoA>.
- [13] Cole, M C. (1916). *Philippine Folktales*. Chicago. A.C. McClurg & Co. Retrieved on September 8, 2018 from <https://bit.ly/2PZIQpi>.
- [14] Eugenio, D. L. (1993). *Philippine Folk Literature: The Myths*. Diliman: University of Philippines Press. ISBN 971-542-019-2
- [15] Eugenio, D. L. (1996). *Philippine Folk Literature: The Legends*. Office of Research Coordination Office. Diliman, Quezon City. University of the Philippines Press. ISBN 971-8729-05-4
- [16] Botan, F. L. & Kreps, G. (1999). Chapter 9: Textual Analysis. *Investigating Communication: An Introduction to Research Methods*. (2nd ed.) Boston: Allyn & Bacon. Retrieved on September 3, 2018 from <https://bit.ly/2FEk9t8>.
- [17] Garvan, J. M. (1931). The Manobos of Mindanao. *Memoirs of the National Academy of Sciences*, Vol. XXIII. Retrieved on November 15, 2018 from <https://bit.ly/2BxBr7K>
- [18] Doran, C. (1993). Spanish and Mestizo Women in Manila. *Philippine Studies*, Vol. 41 (3); pp.269–286. Ateneo de Manila University. Retrieved on November 21, 2018 from <https://bit.ly/2DVCnVH>.

#### **COPYRIGHTS**

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMR. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).